Palagiang Tinatanong (Frequently Asked Questions (FAQs)

Framework sa Pagpapabuti ng Paaralan ng Washington
(Washington School Improvement Framework) (WSIF)
at ang Batas Para Sa Tagumpay Ng Bawa Bata(Every Student Succeeds Act)(ESSA)

Background

- Ano ang Batas Para Sa Tagumpay Ng Bawa Bata (Every Student Succeeds Act (ESSA)? Bakit kailangan kong malaman ang tungkol dito?

Ang ESSA ay ang pangunahing pederal na batas na namamahala sa pampublikong edukasyon sa Estados Unidos. Sa partikular, ang ESSA ay ang reauthorization ng Batas Para sa Edukasyon ng Elementarya at Sekondarya (Elementary and Secondary Education Act) (ESEA) na pinirmahan para maging batas ni Pangulong Obama noong Disyembre 10, 2015. Ang nakaraang 2002 reauthorization ng ESEA ay karaniwang tinutukoy bilang No Child Left Behind at naglalagay ng mga panukalang-batas na naglantad na mga achievement gap sa populasyon ng mga di-karapatdapat na mga mag-aaral. Patuloy na isinusulong ng ESSA ang patas at hinihiling na ang lahat ng mga mag-aaral ay turuan ng mataas na akademikong pamantayan na maghahanda sa kanila para sa kolehiyo at karera.

Para sa karagdagang impormasyon sa ESSA, mangyaring tingnan ang Opisina ng Superintendente ng Publikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI) o Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos (US Department of Education).

- Bakit dapat akong maging interesado na malaman ang tungkol sa ESSA?

Ang reauthorization ng pederal na batas sa edukasyon ay madalang mangyari at nag-aalok sa Washington ng natatanging pagkakataon na mabago ang pamamaraan natin ng pagtuturo upang mapabuti ang mga resulta para sa mga estudyante. Gayunpaman, ang atas na paghahanda sa mga mag-aaral para magtagumpay pagkatapos ng graduation ay isa sa ibinabahagi ng OSPI sa mga mag-aaral, pamilya, at mga miyembro ng komunidad. Upang maunawaan at makatulong sa mga plano ng OSPI na gagawin upang suportahan ang mga distrito at paaralan, maaari mong suriin ang aming ESSA Consolidated Plan.

Pagkakakilanlan

- Ano ang Framework sa Pagpapabuti ng Paaralan ng Washington (Washington School Improvement Framework) (WSIF)? Paano tinutukoy ang mga paaralan? Ano ang “cut score?”

Ang Washington ay bumuo ng WSIF, na gumagamit ng kumbinasyon ng mga akademikong tagapagpahiwatig (hal.kasanayan sa English Language Arts at Matematika at pag-unlad, pagtatapos, at pag-unlad ng mag-aaral ng Ingles) na may kalidad ng paaralan at indicator ng tagumpay ng estudyante (hal. regular na pagpasok, ika-9 na baitang nasa track ng garduation at pagkuha ng advanced course/dual credit). Ang mga indicator na ito ay pinagsama sa isang

weighted score na ginamit upang tukuyin ang mga paaralan para sa Komprehensibo o Targeted na mga suporta.

- Ang mga paaralan na natukoy para sa Komprehensibong suporta ay mga paaralan na ang kabuuang marka ng WSIF ay nasa pinakamababang 5% ng lahat ng paaralan
- Ang mga paaralan na natukoy na para sa Comprehensive-Graduation Rate na suporta ay mga paaralan na may apat na taong graduation rate na mas mababa sa 67%
- Ang mga paaralan na natukoy na para sa Targeted na suporta ay mga paaralan na ang pangkalahatang performance ay mataas sa 5% threshold, ngunit may mga tinukoy na grupo ng mga mag-aaral na hindi nakakapag-perform ng maayos.

Para makilala sa 2018, ang 5% threshold ay may score na katumbas ng o mas mababa sa 2.3. Ibig sabihin nito na ang paaralan na iyon ay natukoy para sa mga suporta na Komprehensibo na may score na katumbas sa o mas mababa sa 2.3, samantalang ang mga paaralan na natukoy para sa Targeted na suporta ay may (mga) grupo ng indibidwal na mag-aaral na may score na o mas mababa sa 2.3.

Mas higit na detalyadong impromasyon sa pamamaraan ay makikita sa Washington ESSA Consolidated Plan.

- Ano'ng ibig sabihin na ang aking paaralan ay natukoy (Komprehensibo, Komprehensibo-Graduation Rate, Targeted)?

Kapag ang isang paaralan ay natukoy bilang isang Komprehensibo o Targeted na suporta, nangangahulugan ito na mayroon silang tinukoy na performance na kailangang pagbutihin. Ang trabahaong ito ay kilala bilang pagpapabuti ng paaralan. Ang mga bagay na kailangan ng isang paaralan na mapabuti ay maaaring sa isang espisipikong mesurement, tulad ng pagtatapos o para sa pangkalahatang performance para sa isang partikular na grupo ng mag-aaral, tulad ng mga mag-aaral na may mga kapansanan. Noon, negatibo ang tingin sa mga paaralang natukoy na kailangan ng pagpapabuti, pero gusto ng OSPI na baguhin ang tingin na ito. Ang mga pampublikong paaralan ay nagbibigay ng edukasyon para sa lahat ng bata na pumupunta sa kanila, ngunit ang ilang mga mag-aaral ay pumasok sa paaralan na may higit pang mga pangangailangan kaysa sa iba. Naniniwala kami na dapat ang pokus ay tiyakin na matutugunan natin ang mga pangangailangan ng lahat ng mga mag-aaral at nangangahulugan ito na kailangang tukuyin kung aling paaralan ang nangangailangan ng mas maraming suporta para magawa ito.

- Ang paaralan ko ba ay hindi maayos ang lagay dahil natukoy ito?

Naniniwala ang OSPI na laging may lugar para sa pagpagpabuti. Ang ilang paaralan ay itinuturing na matagumpay sa maraming paraan, ngunit nagsusumikap pa rin na maging mas mahusay kung saan sila mahusay na. Ang ibang paaralan ay may mas maraming dapat na

gawin, ngunit nagsisikap rin para umangat. Habang sinusuri ng WSIF ang pagganap ng paaralan sa mga mahahalagang hakbang, mahalagang tandaan na maraming katangian ang makakatulong sa atin na matukoy kung ang isang paaralan ay “maayos ang katayuan.”

Noon, negatibo ang tingin sa mga paaralang natukoy na kailangan ng pagpapabuti, pero gusto ng OSPI na baguhin ang tingin na ito. Ang mga pampublikong paaralan ay nagbibigay ng edukasyon para sa lahat ng bata na pumupunta sa kanila, ngunit ang ilang mga mag-aaral ay pumasok sa paaralan na may higit pang mga pangangailangan kaysa sa iba. Naniniwala kami na dapat ang pokus ay tiyakin na matutugunan natin ang mga pangangailangan ng lahat ng mga mag-aaral at nangangahulugan ito na kailangang tukuyin kung aling paaralan ang nangangailangan ng mas maraming suporta para magawa ito.

- Balita ko mas maraming paaralan ang natukoy - mas mahirap ba ang bagong accountabilty metric?

Hindi mas mahirap ang WSIF, pero iba. Dahil sa dedikasyon ng Washington sa kalidad ng edukasyon, ang pamamaraan para sa framework sa ilalim ng ESSA ay nagbago upang mas mahusay na matukoy ang mga lugar kung saan kailangan nating mapabuti para makamit ang ating mithiin na bawat bata sa Washington ay handa na maging matagumpay sa karera, kolehiyo, at buhay.

Bagaman totoo na mas maraming paaralan ang natukoy para sa mga suporta kaysa noong nakaraan, positibo ang tingin ng OSPI dito dahil ito ay nagpapakita ng malawak na gawain na dapat gawin upang matiyak na ang bawat estudyante ay tumanggap ng edukasyon na kailangan nila upang maging matagumpay pagkatapos umalis sila ng paaralan.

- Bakit maraming mga paaralan ang natukoy para sa Comprehensive-Graduation Rate sa mga alternatibong setting sa pag-aaral?

Ang isang pagpapabuti na ipinatutupad ng OSPI ay ang pagkakaiba-iba ng suporta para sa mga distrito at mga paaralan batay sa kanilang mga pangangailangan. Dahil kami ay tumutukoy ng mga paaralan na nangangailangan ng karagdagang suporta, naniniwala kami na ang pagkakakilanlan ng mga alternatibong paaralan ay kapaki-pakinabang dahil ang mga setting na ito ay nagsisilbi sa mga mag-aaral na nangangailangan ng pinagiba-ibang suporta.

Pangalawa, naghahanap kami ng iba pang makabuluhang metric na makakatulong sa amin (hal. OSPI, distrito, at paaralan) sa pagsusuri ng programa at pagpaplano ng pagpapabuti. Halimbawa, ang graduation rate ay kinakalkula gamit ang apat na taong graduation rate at maraming mag-aaral na matagumpay na nagtapos mula sa mga alternatibong paaralan ngunit sa isang pinalawig na timeline graduation.

- Paano ito naiiba/katulad sa Prayoridad o Pokus? Kailangan bang gumawa ang paaralan ng Sapat na Taunang Progreso (Adequate Yearly Progress (AYP)?

Sa ilalim ng No Child Left Behind, ang mga paaralan na natukoy para sa pagpapabuti maging Prayoridad o Pokus na paaralan at para matukoy sa pagpapabuti na ginawa nila para makagawa ng Adequate Yearly Progress. Dahil lubusan naming binago ang disenyo ng aming

pamamaraan, mayroong ilang pagkakatulad. Komprehensibo at Targeted ay pareho sa Prayoridad o Pokus sa parehong mga label ng kategorya na nakabalangkas sa estado at pederal na batas. Higit pa rito, ang pagpapatupad ng ESSA at ang bagong pangangasiwa sa ilalim ng Superintendent Reykdal ay nagmamarka ng isang bagong pamamaraan sa pagkakakilanlan. Inihihinto namin ang pagpaparusa sa mga “bagsak” na paaralan, sa halip bumabaling sa paglalaan ng dinisenyong-muli na mga suporta para sa mga paaralan na may higit na pangangailangan.

Ang accountability metric ay nabago na rin, tumitingin hindi lamang sa graduation rate at achievement score ng mag-aaral para matukoy kung ang paaralan ay may lugar na dapat pagbutihin. Ang bagong WSIF ay nagpapalawak ng mga hakbang upang isama ang paglago, pag-unlad ng mag-aaral ng Ingles, regular na pagpasok, at, kung naaangkop, mga panukala ng pagiging handa sa kolehiyo at karera, tulad ng mga kurso na pang-advanced na kurso (dual credit) atika-9 na baitang sa track ng graduation. Ang mga paaralan ay hindi kinakailangan na gumawa ng Adequate Yearly Progress gaya ng tinukoy sa ilalim ng No Child Left Behind ngunit kailangang gumawa ng progreso bilang pagpapabuti.

- Bilang isang miyembro ng komunidad/magulang saan ko mahahanap ang higit pang impormasyon tungkol sa aking distrito at paaralan?

Mayroong ilang mga lugar para sa mga miyembro ng komunidad at mga pamilya upang makahanap ng impormasyon tungkol sa kanilang distrito at paaralan. Ang unang venue na puwede mong lapitan ay ang iyong distrito at paaralan! Ang isa pang mapagkukunan mo ng impormasyon ay ang iyong lokal na lupon ng paaralan.

Upang makaalam ng higit pa tungkol sa pagganap ng iyong paaralan, bisitahin ang site ng Report Card, na pinatatakbo ng ahensya ng edukasyon ng estado, OSPI.

Mga Suporta

- Ano ang puwede kong gawin para suportahan ang aking paaralan bilang miyembro ng komunidad/magulang/miyembro ng pamilya?

Ang iyong lokal na paaralan ang nasa pinakamabuting posisyon para ipaalam sa iyo kung paano mo masusuportahan ang iyong paaralan. Pakisuyong bisitahin ang website ng iyong paaralan, (mga) site ng social media, o tumawag sa iyong lokal na paaralan para malaman kung kailan gaganapin ang susunod na event para sa magulang/pamilya. Maaaring gusto mo ring alamin ang tungkol sa pagvo-volunteer sa iyong paaralan o pagbibigay ng donasyon ng mga gamit.

Malamang ang pinakamahalaga ay ang suportahan ang mga bata sa iyong buhay. Magkasamang mag-aral ng akademiko (halimbawa, pagbabasa ng magkasama) o magsaya (katulad ng pag-aaral magluto ng bagong recipe). Siguruhin na papasok sila sa paaralan na handang matuto (halimbawa, siguruhin na may sapat silang pahinga, suportahan ang regular na pagpasok kasama ang pagpasok na nasa oras). Tanungin sila tungkol sa paaralan gamit ang open-ended na mga tanong para himukin sila na magsalita (halimbawa, “May natutuhan

ka bang bago sa araw na ito?" at hindi oo/hindi na mga tanong, "Maganda ba ang araw mo sa paaralan ngayon?"). Kausapin sila tungkol sa kanilang mga inaasahan at pangarap para sa kanilang hinaharap at ibahagi ang iyong inaasahan at pangarap para sa kanila.

- Ano pang ibang impormasyon o komunikasyon ang inaasahan mo mula sa aking distrito o paaralan?

Ang impormasyon at komunikasyon mula sa lokal na paaralan at distrito ay nagbabago depende sa lokasyon. Gayunpaman, dapat ipaalam ng mga paaralan ang ilang mahalagang impormasyon tulad ng performance ng iyong mag-aaral sa assessment ng buong estado, impormasyon tungkol sa report card ng paaralan, at katayuan sa pagpapabuti ng paaralan. Ang mga magulang at mga miyembro ng pamilya ay iniimbitahan na makipagtulungan sa mga tauhan ng paaralan upang mag-disenyo ng plano sa pagpapabuti ng paaralan. Ang ilang mga paaralan ay may karagdagang espisipikong impormasyon na kinakailangan upang makipag-usap sa mga magulang at pamilya kung nakakatugon sila ng ilang mga pederal na kahilingan.